

Mahalagang Paglaki at Pag-unlad

Kailangan ng mga sanggol ng mas maraming pagkain at tubig upang lumaking malusog. Bukod sa ibang mga bagay, kailangan nila ng pagmamahal, pag-unawa, patnubay, at seguridad. Kailangan nila kayo upang tulungan silang matuto tungkol sa kanilang mundo, makabuo ng mga kasanayan, at umagpang sa kanilang patuloy na nagbabagong pangangailangan.

Ang pagganap ng aktibong papel sa paglaki ng iyong sanggol ay maaaring kawili-wili, nagpapaunlad at kapaki-pakinabang. Mapapansin mo ang mga pagbabago sa anyo, asal at wika nang halos araw-araw, at hindi magtatagal maunawaan mo na ang matagumpay na paglaki ng iyong sanggol ay nakapende nang malaki sa iyong paglahok sa proseso.

Habang inoobserbahan mo ang paglaki ng iyong sanggol, tandaan na walang dalawang bata na eksaktong magkatulad. Habang may partikular na “tipikal” na mga yugto ng paglaki, ang iyong sanggol ay maaaring lumaki sa tuling hindi katulad ng ibang sanggol. Dagdag dito, ang iyong sanggol ay maaaring mabilis na lumaki sa isang lugar, pero hindi kasingbilis sa iba.

Kung naniniwala ka na ang iyong anak ay nahihirapan sa isang partikular na lugar ng pag-unlad, *bumag mataranta*. Maraming hamon na may kaugnayan sa pag-unlad na matutulungan ng maagang pamamagitan—*isang sistema ng mga serbisyong iniaalay upang pabusayin ang potensiyal ng isang bata para sa paglaki at pag-unlad bago umabot ang bata sa edad ng pagpasok sa paaralan*.

Ang impormasyon sa polyetong ito ay hindi inihanda upang maging masaklaw. Ito ay maaari, gayunman, na makatulong bilang isang pangkalahatang patnubay sa maaaring ginagawa ng iyong sanggol sa isang partikular ng edad.

Itago ang impormasyong ito sa isang ligtas at madaling-puntahang lugar upang madali mo itong masangguni—maaaring sa isang iksrapbuk, libro ng sanggol o saanman iniingatan mo ang mga tala ng pamilya. Kung mayroon kang mga katanungan, tawagan ang iyong lokal na Programa sa mga Sanggol at Maliliit na Bata.

Pagsilang—2 buwan

Pisikal na Pag-unlad

- Bahagyang inaangat ang ulo sa walang-hadlang na ibabaw
- Pinamamalaging mahigpit na nakasara ang mga kamay

Pag-unlad ng Pagsasalita

- Humuhuni at gumagawa ng mga umiingit na tunog
- Ngumangawa

Pag-unlad na Panlipunan

- Madalas matulog
- Madalas umiyak
- Maaaring magulo ang gawi sa pagtulog at pagkain
- Tumatahimik bilang tugon sa mukha at boses ng magulang

2 buwan

Pisikal na Pag-unlad

- Inaangat ang ulo habang nakadapa
- May makikinis na galaw
- Niluluwagan ang kamao, ibinubuka ang mga daliri
- Ikinakaway ang mga kamay at sumisipa kapag nakahiga

Pag-unlad ng Pagsasalita

- Higit na Humuhuni at bumubulubok, lalo na kapag kinakausap
- Umiiyak sa magkakaibang paraan sa magkakaibang pangangailangan

Pag-unlad na Panlipunan

- Nagsisimulang ngumiti, nagpapakita ng katuwaan at lungkot
- Humaharap sa mga pamilyar na boses
- Tumatahimik kapag hinawakan
- Natutuwang kilitiin
- Nagpapanatili ng saglit na kontak ng mata habang pinapakain
- Maaaring supsupin ang hinlalaki o daliri upang patahimikin ang sarili

4 buwan

Pisikal na Pag-unlad

- Nakakakita sa kabila ng isang silid
- Umuupo nang tuwid kapag suportado
- Humihiga kapag nakadapa
- Umaabot ng mga laruan
- Humahawak ng mga bagay
- Inaabot ang mga paa at dinadala ang mga ito sa bibig
- Humaharap sa mga pamilyar na tunog
- Sinusundan ng mga mata ang mga tao

Pag-unlad ng Pagsasalita

- Tumatawa, tumitili, at ngumangawa
- Humuhuni at bumubulubok kapag natutuwa
- Nagsasabi ng “ooh” at “ahh”

Pag-unlad na Panlipunan

- Mahilig paglaruan ang sariling mga paa
- Nakikita ang mga kulay sa halip ng itim at puti
- Maligalig kapag gustong damputin at hawakan
- Alam ang pagkakaiba sa mga miyembro ng pamilya
- Iniaabot ang mga kamay at braso upang maglaro
- Ngumingiti

7 buwan

Pisikal na Pag-unlad

- Saglit na umuupong mag-isa
- Hinahawakan ang mga laruan at pinakakain ang sarili ng mga piraso ng pagkain
- Tumatayo nang may hawak, dinadala ang ilang bigat sa sariling mga binti
- Inaabot ang mga bagay, inililipat ang mga ito mula sa isang kamay patungo sa kabilang kamay
- Nagsisimula ng pagtubo ng ngipin, na maaaring makaistorbo sa pagtulog

Pag-unlad ng Pagsasalita

- Pinagsasama ang mga tunog na patinig
- Ginagaya ang mga tunog
- Tumutugon sa “hindi” at sariling pangalan
- Ginagamit ang pagpapahayag ng katawan upang simulan ang interaksyon

Pag-unlad na Panlipunan

- Naglalarong mag-isa
- Mas matagal na nakikipaglaro sa mga tao at gumagamit ng mga laruan
- Nasisiyahang kasama ang ibang mga bata
- Lalong nagiging matugunin sa tunog
- Umiiwas sa mga hindi kilala, kumakapit sa mga pamilyar na tagapag-alaga

10 buwan

Pisikal na Pag-unlad

- Gumagapang gamit ang iba-ibang istilo ng paggapang
- Gumagapang sa ibabaw ng mga bagay
- Maaaring tumayo na nakasandal sa isang bagay
- Dinadampot ang malililit na bagay sa pamamagitan ng hinlalaki at mga daliri

Pag-unlad ng Pagsasalita

- Nagsasabi ng “hindi,” “babay,” “dada,” at “mama”
- Gumagamit ng boses upang tumawag ng pansin

Pag-unlad na Panlipunan

- Nagiging mas independiyente—maaring mas interesado na maglarong mag-isa kaysa hawakan
- Ginagaya ang mga senyas ng kamay at mukha
- Gumagapang upang hanapin ang mga magulang
- Gagapang papunta sa iyo kapag tinawag ang pangalan
- Gustong maglaro ng “peek-a-boo”
- Nagbubukas ng mga pahina ng libro at magasin
- Natutuwang maglaro ng mga tunog
- Kumakaway ng “babay”
- Naiiintindihan ang mga payak na direksyon

12 buwan

Pisikal na Pag-unlad

- Ang paggapan ay sinisimulang palitan ng gumigiray na paglalakad na maluwang ang pagitan ng mga binti
- Pinakakain ang sarili ng mga pagkaing maginhawang gamitan ng daliri
- Maaaring magsimulang gumamit ng kutsara
- Tumitingkayad

Pag-unlad ng Pagsasalita

- Gumagamit ng “Dada” at “Mama” upang tukuyin ang mga tiyak na tao
- Maaaring may bokabularyo ng 3 hanggang 10 “tunay” na salita
- Nagdaragdag ng mga muwestra sa pagpapahayag ng katawan

Pag-unlad na Panlipunan

- Natutuwa sa nanonood
- Padaskul-daskol na nagsusulat sa pamamagitan ng mga krayola
- May higit na pagkakaiba sa laro
- Nagpapakita ng mas matinding gusto at ayaw
- Nilalandi at hinahalikan ang sarili sa salamin
- Naglalaro ng mga manyika at mga laruang hayop
- Nagtuturo ng mga bagay sa mga libro at sinasabi kung ano ang mga ito
- Naiiintindihan ang mga payak na salita at prase tulad ng “Halika sa Daddy.”

15 buwan

Pisikal na Pag-unlad

- Tumatayo at naglalakad mag-isa
- Gumagamit ng kutsara upang pakainin ang sarili
- Dumadampot ng mga bagay mula sa naglalakad na posisyon

Pag-unlad ng Pagsasalita

- Gumagamit ng mga payak na salita at prase
- Nagsasalita ng ilang salitang binibigkas ng mga magulang

Pag-unlad na Panlipunan

- Gustong makinig ng musika at magsayaw sa mga ritmo
- Nagsasabi ng “hindi” at tumatanggi sa pagkain
- Mas namamalayan ang paligid
- Lalong nagiging independiyente
- Napakaaktibo

18 buwan

Pisikal na Pag-unlad

- Tumatakbo nang matigas ang katawan
- Ginagamit ang buong braso kapag naglalaro ng bola
- Pinakakain ang sarili, kumakain na gumagamit ng kutsara, sinusubukan ang tinidor
- Hinuhubad ang mga sapatos, sumbrero, glab sa beysbol
- Mahilig kumaladkad, humatak, magtapon, magtulak, at humila
- Umaakyat at bumababa sa hagdanang walang tulong

Pag-unlad ng Pagsasalita

- Alam ang mga pangalan at bagay
- Gumagamit ng mga panghalip na panao

Pag-unlad na Panlipunan

- Mahilig gumalugad
- Madalas na tumatanggi sa pagkain

24 buwan

Pisikal na Pag-unlad

- Naghuhubad mag-isa (malalaking aytem tulad ng mga padyama)
- Nagsisimulang sumipa
- Maayos na humahawak ng tasa
- Pinaghhiwalay ang mga bagay at muling pinagsasama ang mga ito

Pag-unlad ng Pagsasalita

- Nagsasalita nang mas maliwanag
- Ang mga “sanggol” na salita ay pinapalitan ng maiikling pangungusap
- Mahilig makipag-usap sa sarili
- Inuulit ang mga salitang sinabi ng iba
- Pinagsasama ang mga salita at aksyon

Pag-unlad na Panlipunan

- Inituturing ang sarili na kaisa ng mga nakapaligid
- Nasisiyahang tulungan ang Nanay at Tatay
- Maaaring nasisiyahang maglinis pagkatapos maglaro
- Napakaaktibo
- Maaaring may pana-panahong pag-aalburoto
- Maaaring ituro ang binanggit na mga bahagi ng katawan

36 buwan

Pisikal na Pag-unlad

- Umuugoy at umaakyat
- Lumulundag sa lugar
- Naglalakad paurong
- Pumipidal sa traysikel

Pag-unlad ng Pagsasalita

- Nagsasalita sa maiikling salita, gumagamit ng mga pangmarami
- Kumakanta ng maiikling awit
- Ang wika ay naiintindihan ng iba bukod sa mga magulang
- Sinasabi ang sariling pangalan
- Lalong gumagamit ng “hindi”
- Ipinahahayag ang mga pangamba at mga bagay na hindi gusto

Pag-unlad na Panlipunan

- Maayos na pinakakain ang sarili sa pamamagitan ng kutsara at tinidor
- Umiinom mula sa isang istro
- Nagtutuhog ng malalaking butil
- Maayos na binibihisan ang sarili
- Nagsisimulang matukoy ang mga papel ayon sa kasarian
- Ginagalugad ang kapaligiran sa labas ng bahay

Mga Payo Para sa mga Magulang

- Ang mga sanggol ay natututong magsalita kapag nakakarinig sila ng ibang mga tao. Kausapin, kantahan, at basahan ang iyong sanggol.
- Gusto ng mga sanggol ng pisikal na pakikipag-ugnayan. Sagiin, iduyan at hawakan ang iyong sanggol.
- Nararamdaman ng mga sanggol ang tensiyon. Tugunan ang mga iyak ng iyong sanggol nang mabilis at magiliw. Maging sensitibo kapag nakikipag-usap sa iyong sanggol at sa iba sa harap niya.
- Pinupukaw ng kalikasan ang interes ng mga sanggol sa panlabas na kapaligiran. Madalas na maglakad sa labas kasama ang iyong sanggol. Ang sariwang hangin ay kapaki-pakinabang din.
- Magkaloob ng mga laruan na angkop sa edad at pag-unlad ng iyong anak. Ang mga naililipat, makukulay na kahon, mga laruang itinutulak/hinihila, malalaking bloke, malalaking bola at mga instrumento ng musika ay mabubuting lahat.
- Maingat na hawakan ang iyong sanggol. Ang mga sanggol at maliliit na bata ay HINDI dapat alugin!

KAGAWARAN NG EDUKASYON NG ESTADO NG MARYLAND

Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/
Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan
Programa sa mga Sanggol at Maliliit na Bata ng Maryland

200 West Baltimore Street, 9th Floor
Baltimore, MD 21201
Telepono: 410-767-0261
Walang-bayad: 1-800-535-0182
Fax: 410-333-2661
TDD: 410-333-0731

Robert L. Ehrlich, Jr.
Gobernador

LUPON NG EDUKASYON NG ESTADO NG MARYLAND

Edward L. Root, *Presidente*
Jo Ann T. Bell, *Bise Presidente*
Philip S. Benzil
Dunbar Brooks
Calvin D. Disney
Clarence A. Hawkins
Walter S. Levin
Karabelle Pizzigati
Maria C. Torres-Queral
John L. Wisthoff
Christopher J. Caniglia

Nancy S. Grasmick
Superintendente ng mga Paaralan ng Estado

Carol Ann Baglin
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinagmulan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga tanong na may kaugnayan sa patakaran ng departamento, mangyaring kontakin ang Sangay sa Pagtiyak ng Pagkakapantay at Pagsunod (Equity Assurance and Compliance Branch) sa 410-767-0246 Boses, 410-333-8165 Fax, o 410-333-6442 TDD. ♦ Ang dokumentong ito ay binuo at ginawa ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan IDEA, Bahagi C, gawad Blg. #H181A020124, na pinopondohan ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos, Opisina ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Pagbabagong-tatag. Ang mga opinyong ipinahayag dito ay hindi awtomatikong kumakatawan sa mga opinyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos o anumang ibang pederal na ahensiya at hindi dapat ituring na kumakatawan. Walang humahawak ng karapatan sa paglalathala ng impormasyon. Ang mga mambabasa ay hinihimok na kopyahin at ibahagi ito, pero mangyaring ipagbigay-alam na ito ay galing sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan, Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland. ♦ Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong May mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA) ang dokumentong ito ay makukuha sa mga panghaliling anyo, kung hihilingin. Makipag-ugnayan sa Division of Special Education/Early Intervention Services, Maryland State Department of Education, 410-767-0249 Boses, 410-333-8165 Fax, 410-333-0731 TDD.

MAHAHALAGANG

Paglaki at Pag-unlad



ISANG PATNUBAY SA
PAG-UNLAD NG MGA BATA
PAGSILANG HANGGANG
TATLONG TAONG GULANG

KAGAWARAN NG EDUKASYON NG
ESTADO NG MARYLAND